**Abstract**

In this essay, I respond to National Artist for Literature F. Sionil Jose's blanket dismissal of television as cultural garbage. The response becomes an argument for television, which I emphasize is literature, by way of its dramatic and narrative qualities. I further illustrate this through a close reading of a currently-running teleserye, as well as three other TV texts. In the end, I underline that there is much to be read from TV, if it is only seen as a powerful literary text that embodies the drama of Filipino life.

**Keywords**

F. Sionil Jose, ABS-CBN, television, FPJ's *Ang Probinsyano*, literature

**English title**

Television as Literature

# TELEBISYON BÍLANG PANITIKAN[1]

**LOUIE JON A. SÁNCHEZ**

PUNÒ'T DULO NG panayam na ito ang "requiem" na isinulat ni F. Sionil Jose hinggil sa ABS-CBN shutdown noong nakaraang Mayo 2020. Sa dalawang bahaging post sa Facebook ng kaniyang maanghang na kolum sa *Philippine Star* (Jose 2020a, Jose 2020b), mababásang may personal siyang dahilan sa pagpanig sa mga umuusig sa kasasara pa lámang na network noon. May inis siya sa mga may-ari ng kompanya dahil sa ilang pangyayaring kinasangkutan ng ilan niyang kaibigan. Ang pinakamasaklap, ipinangatwiran din niya ang matagal nang argumento hinggil sa mga oligarko na pinaniniwalaang "kinakalaban" at "napabagsak" na nga ng rehimeng kasalukuyan. Wika niya, "(i) ts demise, I dare say, is even good for Philippine democracy if it also means the dismantling of the Lopez empire" (Jose 2020a).

Masalimuot nang maituturing ang usapin hinggil sa mga oligarko sa kasaysayan ng Filipinas, at di iilan ang nagtangkang magpaliwanag tungkol sa mga katuturan nito na animo'y binabaluktot yata para

1 Panayam na bikigkas via Zoom sa "Conversations on Language, Literature and Culture" ng Master of Arts in English Language Teaching Society, Polytechnic University of the Philippines, Setyembre 2, 2020.

lalong makapangmangmang sa madla at tuluyang magdikdik sa ABS-CBN at sa nagmamay-aring Pamilya Lopez. Mabuting balikáng-áral sa pagkakataong ito ang aklat na *An Anarchy of Families: State and Family in the Philippines* (1994) ni Alfred McCoy, na nagsasalaysay ang kasaysayan ng pamilya bílang, oo, matagal nang bahagi ng oligarkiya ng mayayaman at impluwensiyal sa lipunan, at wika nga ng awtor at editor ay "deeply... embedded in Philippine society" (xviii). Pero binabanggit ko rito ang gawain ng *pagbabaluktot* sa katuturan at katwiran sapagkat isang bahagi ng pahayag ni Jose sa kolum ang nagawang sipiin pa ng National Telecommunications Commission, ang ahensiyang napilitan yatang ipasara ang estasyon dahil sa pagkapasó ng congressional franchise nito, nang papagpaliwanagin ito sa korte (Fe 2020). Narito ang siniping bahagi na matatagpuan sa preliminary statement ng paliwanag ng NTC:

> Listen—the real issue with ABS-CBN and its owners is not press freedom. It is MONEY, POLITICS, and POWER—how power is acquired, how it is abused and maintained, and most of all, how it obstructs this country's economic and democratic development. If allowed to continue, will it now return the billions it owes the government (2020)?

Ano't anuman, ibig kong tumbukin na madaling gamítin sa kabuktutan ang mga ganitong uri ng mga pahayag, lalo pa kung nagmumula sa isang pambansang alagad ng sining na mayroong panlipunang kapital at mabigat ang mga binibitiwang salita. Huwag nang banggitin pa na ilan sa mga paratang niya'y nasagot na ng kaniyang mga inaakusahan sa mga pagdinig sa kongreso na kung iisipin ay maihahalintulad sa isang kangaroo court—buo na ang sentensiya bago pa man pakinggan ang akusado. Nagkákalát din siya ng misimpormasyon, kung mamarapating ninyong sabihin ko. Ang episode na ito ay isang áral, una na, hinggil sa mabigat na tungkulin ng manunulat sa panahon ng paniniil ng isang tiwaling rehimen. Lagi't laging tungkulin ng manunulat na pumanig para sa katotohanan at katwiran. Marami na rin ang nagsabi na maliwanag pa sa síkat ng araw, enabler talaga si Jose ng pandemyang pampolitika, at sa darating na panahon ay kakailanganin din nating panagutin.

Samantala, may isa pa siyang sinabi sa seryalisadong kolum na sa tingin ko'y dapat pag-ukulan ng pansin sapagkat naglalaman ng totoo

niyang sentimiyento hinggil sa institusyon ng telebisyon, siyang ating pinakapaksa ngayon. Ito ang ikalawang áral ng episode na ito. Bukod sa personal na inis, na nagtatago sa sáya ng peryodismo at kritisismong panlipunan, makikitang umiiral din sa málay ni Jose ang namamayaning prehuwisyo laban sa midyum. Bílang intelektuwal sa mataas na saray ng lipunan, ipinagpapalagay niya na isa lámang itong aparatong mapangmangmang at mapagpakalat ng mga uri ng kubikong o distorted na kamalayang panlipunan. Talagang mga napaglumaang paniniwala. Ito ang sabi niya, na sa aking tingin ay isa talagang pasaring sa institusyon ng telebisyon sa pangkabuuan:

> The Filipinos do not really need ABS-CBN. It does not produce goods or food. It has certainly entertained millions but it did not diminish poverty. Again, freedom worked for the rich—but not for the Filipinos (Jose 2020a).

## Kababaang-Tingin sa Kultura ng Telebisyon

Inilulukl ok si Jose sa mataas na saray na nabanggit ng kaniyang panlipunang kapital bílang pambansang alagad ng sining at tagapagtakda ng masasabing mga "katanggap-tanggap" na kagawiang kultural o cultural practices. Naipedestal siya rito dahil isa siyang nobelista sa Ingles na palagiang may sariling eskaparate ng mga aklat sa bookstore at wika nga ng mga press release ay "the most likely candidate for the Nobel Prize for Literature" ng Filipinas at maaari pa nga, ng Timog Silangang Asya. Ganoon ang kaniyang kapangyarihan, bukod pa sa likás na kapangyarihan ng kaniyang salita bílang manunulat. Kayâ sa una't hulí, kinatawan si Jose hindi lámang ng mga bantay o gatekeeper ng kultura na maituturing, kundi ng lahat ng mga pagpapahalagang nagpapanatili sa mga tulad niya sa gayong artistiko at panlipunang poder.

Isa pa, at sa totoo lámang, kinatawan si Jose ng isang pananaw na hiráp táyong hulagpusan—ang paniniwala na isang uri ng mababang kultura ang telebisyon, isang kumunoy ng katangahan o kahangalan. Madaling ismiran ni Jose ang telebisyon dahil sa kaniyang tindig at tinig na nagmumula sa poder, sa kaniyang masasabing toreng garing. At kitang-kita natin iyan sa kaniyang pagbibigay-diin na "the Filipinos do not really need ABS-CBN." Maitatanong tuloy, ano ang kailangan ng mga Filipino kung hindi ang serbisyo nitong estasyon? Dahil sa kinakatawang

"mataas na kultura" ni Jose bílang kanonigong nobelista at pambansang alagad ng sining, hindi mahirap isiping malalim na nakatanim sa isip niya ang kaibhan at halagahan ng mga kultura [may "mataas" at "mababa"] at pagtatangi sa "sining," na inaasahan niya marahil na siyang "tunay" at "dalisay" na pagsasalarawan ng mga unibersal na danas at pagpapahalaga ng tao.

Samakatwid, dahil isa siyang manunulat na may napakabigat na panlipunang kapital, *may sinasabi talaga siya*, wika nga, maikakatwiran ding may astang mapagbukod sa mga uri ng kultura ang tinuran niya, at hindi tulad ng telebisyon ang kaniyang itinataguyod at itinatanging panitikan. Matapobreng pananaw ito, na lalo pang pinalulubha ng mga sumunod niyang pahayag na "it (ABS-CBN) does not produce goods or food." Kung iisipin, parang malaking bahagi ng 11,000 empleado ng network ang naipatanggal sa trabaho dahil sa pagkawala sa operasyon ng kompanya. Sinasabi din ng ilan na malaki ang naging epekto ng tuluyang pagkalawa sa ere ng estasyon sa maraming industriyang nakahanay at nakikinabang sa mga produksiyon nito. Hindi ba lumilikha ang kompleks ng mga gawaing pambrodkast ng "goods" at "food," at nawaglit ang mga iyon nang napilitan ang network na paliitin ang dáting dambuhalang operasyon? Samantalang, tama naman na "it (ABS-CBN) has certainly entertained millions but it did not diminish poverty," hindi ba gayundin naman ang masasabi hinggil sa panitikan na isinusulong ni Jose, kung tutuusin? Ano ngayon ang kaibhan nito sa telebisyon?

Pílit mang igiit ni Jose na hindi isang isyu ng pagsikil sa kalayaan sa pamamahayag ang pagkakapasara sa network, batid naman na ng lahat na ang trahedyang ito ay venganza ng rehimen laban sa anumang partidong kritikal sa rehimen. Pinatunayan na ng marami sa atin ito, lalo't kung isasaalang-alang ang mga kasong cyberlibel ng *Rappler* at ng punòng patnugot nito na si Maria Ressa. Kayâ lalong bumibigat ang kasalanan ni Jose sa mamamayan at panitikan. Ngunit para sa akin, lalong mabigat ang kaniyang regresyon at pagiging anti-intelektuwal sa pagpapamalas ng kakitiran ng isip at pagtingin lámang sa mga kultural na kagawian bílang pirmihan ang mga pakahulugan, pinamamayanihan ng mga kaibhan, at palagiang kailangang takdaan ng maraming alam na tulad niya. Ang pananaw niya hinggil sa telebisyon ay hindi lámang nakatindig sa buktot na krusada laban sa oligarkiya, kundi nakapako rin sa mga nilulumot nang panindigang kultural.

## Pagtutuwid Gámit ang Panitikan

Ngunit sa ngalan ng talakayan, maaari rin namang gamitín ang konsepto, o muling pagkokonsepto sa panitikan bílang paraan ng pagwawasto sa mga ganitong uri ng kamalayan laban sa telebisyon. At mangyayari ito kung bukás ang isip ng sinuman na luwagan ang mga paninindigang kultural na malaong ikinabit sa kung ano ang panitikan. Napakaraming mga paninindigan ito, na wika ngang minsan ni Terry Eagleton (2008), sa kaniyang dapat basahing pagsisiwalat sa kung ano ang panitikan, ay may lalaging "close relation with social ideologies" at nakabatay sa "assumptions by certain social groups (that) exercise and maintain power over others" (14). Hindi pirmihan ang halagahan ng panitikan, at kailangang iugnay sa mga pagkakaunawa rito ng isang lipunan sa loob ng isang saklaw ng panahon.

Kung susuriing mabuti, nakaangkla ang maituturing na mga pinanghahawakang pagpapahalaga ni Jose sa paniwalang ang panitikan ay yaong binubuo lámang ng "highly valued kind of writing(s)" (Eagleton 2008, 9), o mga panitikang linang ng itinakdang "tradisyon" tulad ng mga napabilang sa kanon o *belles letres.* Sa Filipinas, madalas na bumubuo rito ang mga kanonigong panitikan mulang Kanluran at mga panitikang nasusulat sa Ingles, na sa ating kasaysayan ay ipinatanggap sa atin ng ating Americanisadong sistema ng edukasyon bílang "matayog" at "nakapangingibabaw sa lahat." Isa itong malubhang karamdaman, itong nasagap nating sakít ng kolonisasyon, na lalong pinalala ng ating walang-kritikalidad na pagkasangkapan sa New American Criticism. Hindi ako magtataka sa ganitong prinsipyo ni Jose, kahit sa panitikan, lalo't madalas niyang iginiit sa mga sulatín ang itinuturing na "kababawan" ng ating kultura. Ito po iyong pambansang alagad ng sining ninyo na nagsabing di tulad ng iba pang mariringal na sayaw sa daigdig, ang tinikling daw ay matututuhan ng kahit sino "in 10 minutes" (Jose 2011). Tapos mapatatanong pa siya, kung bakit daw siyang-siya ang lahat at nagpapalakpakan matapos ng pagtatanghal ng tinikling: "Why are we shallow?"

Suhay sa aking inilatag na pagpapalagay ang isa pang tanyag na sanaysay ni Jose (2011), lumabas din bílang kolum sa *Philippine Star*, na kung hindi maipaliliwanag nang mabuti ay madaling tanggapin ng walang muwang bílang banal na ebanghelyo hinggil sa lubhang kababawan ng kulturang Filipino—isang higit na bulgar na bersiyon, sa tingin ko, ng isa pang tanyag na sanaysay, ang "A Heritage of Smallness" ni Nick Joaquin (2004). Masdan ninyo itong sipi na ito na tungkol sa telebisyon,

matapos niyang sabihin na "our media are so horribly shallow"; hinding-hindi maitatanggi ang kaniyang pagiging matapobre't mga pagkiling sa itinuturing na "good entertainment":

> I turn on the TV on prime time and what do I get? Five juvenile commentators gushing over the *amors* of movie stars, who is shacking up with whom. One of the blabbering panelists I distinctly remember was caught cheating some years back at some movie award. How could she still be on TV after that moral destruct? And the *telenovelas*, how utterly asinine, bizarre, foolish, insipid, moronic, and mephitic they are! And there are so many talented writers in our vernaculars and in English as the Palanca Awards show every year — why aren't they harnessed for TV? Those TV moguls have a stock answer — the ratings of these shows are very high. Popularity not quality is their final arbiter. They give our people garbage and they are now giving it back to all of us in kind! So I must not be blamed if, most of the time, I turn on BBC, Aljazeera, rather than the local TV channels. It is such a pleasure to read *The New York Times*, the *San Jose Mercury News*, the *Washington Post*, to listen to "Fresh Air" on US public radio and public TV where my ever-continuing thirst for knowledge (and good entertainment) is quenched (2004).

Totoong mahirap naman talaga siyang sisihin kung nataunan niyang mapanood sa showbiz talkshow si Lolit Solis, ang kolumnista at talent manager na reyna ng mga pabati, at kontrobersiyal dahil sa pandaraya sa isang Manila Film Festival. Pero bumula ang bibig ng pambansang alagad ng sining sa bokabularyong matapobre nang ilarawan ang mga dramang de-serye. Nasaan daw ang mga talentadong manunulat "in our vernaculars [vernaculars pa rin?] and in English" na nagwawagi taon-taon sa Timpalak Palanca? At hindi talaga siya nakapagpigil sa bandáng hulí. Bikigkas niya ang susing pang-uri ng kamalayang matapobre: *garbage*. *Garbage* ang lahat ng ito kompara sa mga cable channel na pinanonood niya at babasahing Amerikano na binabása niya. *They give our people garbage and they are now giving it back to all of us in kind!*

Matagal nang pinagalaw ng teorya ang mga pakahulugan at pagpapahalaga ng "kultura" at "panitikan," kayâ't maaari nang basagin

ang mga mapagbukod at matapobreng pagpapahalagang tulad ng mababása kay Jose. At dito ko ibig igiit ang isang prinsipyong maaari nating saligan sa simula ng anumang pagtatangka sa pagsawata sa mga naunang paninindigan hinggil sa panitikan—hindi na lámang ito isang lawas ng mga kanonigong akda na nararapat pahalagahan dahil sa mga pinaninindigang "katotohanan," "kabutihan," "kagandahan," kahit pa "kadakilaan," at iba pang halaga o value na ikinakabit dito ng isang kultura. Maaari na rin itong kumatawan sa mas malawakang *kagawiang mapagpakahulugan* o *signifying practices*, mga pamamaraang malikhaing naglalayong magpahayag, magtalastas. Ang pahayag ay maaaring nása anyong oral o pasulat/palimbag, basta't nagsasangkot sa wika. Maaari ring idaan sa mga higit na teknolohisado't awdyo-biswal na aparato tulad ng telebisyon. Tandaang ang midyum ay isang wika rin, padaluyan ng kahulugang sumasaklaw sa kabuuang kapangyarihan ng retorika. Maaari ring isang tao o higit pa ang kumatha at patuloy na kumatha sa pahayag—walang katapusang pagkatha! Masasabi nating totoo ito para sa telebisyon, na ang mga produksiyon ay kinakatha ng maraming tao at suson ng mga komiteng nagtatakda ng ipalalabas, maging ng mga manonood na kinokonsulta sa mga saliksik at administrative/marketing research. Ang panitikan sa una't hulí ay wikang may malikhaing pagpapahayag at hindi dapat ipinipirmi, lalo sa mga napaglumaang halagahan.

Isa pang susing-salita sa usaping ito ang *malikhain*, na inaasahang lalong magpapalinaw sa ating paliwanag. Isang malikhaing kagawiang mapagkahulugan ang panitikan sapagkat sa pangkabuoan, sangkot ito sa pagkatha o pagharaya. Gumagamit ito ng imahinasyon. Isa itong "fictive institution" wika nga ni Catherine Belsey (2013), basta't "shaped by imperatives other than pure accuracy" (22). Samantalang pinili ni Belsey na panatilihin ang halagahang fact-fiction sa kaniyang tinuran hinggil sa ibig sabihin ng panitikan, mangangahas akong sabihin na anumang kagawiang mapagpakahulugang gumagamit ng mga pamamaraan ng panitikan—samakatwid, mga malikhaing paraan—ay maaaari nang ituring na panitikan. At ito ang aking dahilan kung bakit panitikan ang telebisyon.

Sa isang mas masusing pagsusuri, matutuklasang kumakasangkapan ang telebisyon ng mga pamamaraan ng panitikan—at hindi lámang retorika ng paghikayat (persuasion) na madalas iugnay dito. Kapag nilalait ang mga industriyang kultural kung saan napapabilang ang telebisyon noon pa mang araw, palagiang idinadahilan ang potensiyal ng mga ito

na makapanlinlang, dahil sa impluwensiya at tulak na kumonsumo na "established by entertainment," wika nga nina Max Horkheimer at Theodor Adorno (sa Szeman at Kaposy 2011, 47). Sa tingin ko, sa isang pananaw na nakatindig sa paniniwalang "(t)he culture industry is corrupt; not because it is a sinful Babylon but because it is a cathedral dedicated to elevated pleasure" (2011, 50), wala talagang anumang hikayat na makababago.

## Pag-aaral sa Kultura ng Teleserye

Ngunit mabalik táyo: masikip pa rin para sa akin ang "pagpapaluwag" na tinupad ng paborito kong kritiko na si Belsey sa kahulugan ng panitikan, sa paggamit niya sa salitâng "fiction" bílang mas nararapat na terminong tumutukoy sa lahat ng uri ng panitikan na nais niyang arálin, bukod sa kanon. Bílang mag-aaral ng telebisyon, naniniwala ako na mas pinalalawak, pinalalaya ng pagdulog sa malikhaing pagkasangkapan sa mga pamamaraan ng panitikan ang kahulugan, kaysa pagbubukod pa sa pagkatotoo o pagkakatha nito. Nasisipat din nito ang aspektong mapag-ulat o mapagsiwalat ng telebisyon, tulad ng newscast o current affairs/magazine show, talkshow, variety o game show, o kahit pagpapalabas ng mga ganap o event tulad ng anumang larong isports o Miss Universe. Lahat ito'y sangkot sa televised na dramatisasyon at narasyon ng tunay na búhay—mga baklad ng panitikan. Ganito rin ang masasabi hinggil sa mga reality show na ating tinatawag sa kasalukuyan.

Nang pag-aralan ko ang teleserye, madali akong nakombinse sa pagkapanitikan nito, matapos matuklasang maiuugat ang pag-iral nito sa ating mayamang tradisyong patanghal at pasalaysay. Sinimulan ko ang ganitong pagsuysoy sa aking pahapyaw na pag-aaral sa tradisyon at kombensiyon ng mga soap opera sa radyo, siyang "ina" ng mga teleserye. Tinatayang umusbong ang soap opera sa radyo sa Filipinas noong 1938, at tuluyang namulaklak noong 1949. Batay sa aking panimulang sipat, ang mga dramang panradyo na napakinggan sa loob ng mga panahong ito, hanggang sa panahon ng transisyon ng anyo sa telebisyon noong 1962, ay nakapadron sa mga tradisyong pandulaang hubog ng komedya o moro-moro, relihiyosong drama, at sarsuwela (Sánchez 2019, 105); at sa tradisyong pasalaysay na hubog naman ng iba't ibang moda ng nobela (2019, 114), na tulad ng teleserye ay ipinakilala at pinalago sa Filipinas sa mga publikasyong popular at anyong de-serye. Sa tingin ko, nananatiling matalab ang mga padrong ito sa teleserye, kayâ rin marahil,

nakapapanood táyo ng mga pag-uulit-ulit sa mga tauhan, paksa, at tema ng mga palabas.

Nasabi ko rin sa ilang pagkakataon (Sánchez 2020) na kailangan ding balikán ang kasaysayan ng ideya ng "panitikan" sa Filipinas upang lalong mapabigat ang argumento para sa pagkapanitikan ng teleserye—at sa pangmalawakan, sa pagkakataong ito, ng telebisyon. Kung ang teleserye ay inanyuan ng ating mayamang tradisyong patanghal at pasalayay, isa nga itong anyong pampanitikan, at batay sa kasaysayan ay inaasahan ding may halagang panlipunan/halaga sa panlipunan. Isa itong panitikang may konteksto. Ano ba kasi ang madalas pa ring kaligtaan ngayon hinggil sa pagkakaunawa ng kulturang Filipino sa panitikan? Hindi lámang ito nakasentro sa teksto kundi lalo't higit, pati na rin sa mambabása.

Binigyang-diin ito ni Soledad Reyes (1997) sa kaniyang pagsusuri sa nobelang Tagalog, kung saan makikita, lalo sa paglusog nito sa panahon ng matinding sentimiyentong anti-Amerikano (1905–1940), na "malinaw na pinahahalagahan ng mga manunulat ang mambabasa" (25). Dagdag pa niya, "sa pag-uukol ng ilang pananalita sa Bayang Maralita/Sambayanang Pilipino/Kapwa Pilipino" sa simula ng mga nobela, "kinakausap ng mga manunulat ang bayan bilang publikong babasa ng mga akda" (1997). Para naman sa akin, maiuugat pa ang ganitong kagawian kay Rizal, sa *Noli Me Tangere*, kung saan ipinangako ng bayani sa Inang Bayan na "sisikapin kong ilarawan ang iyong kalagayan nang buong tapat at walang pangingimi" (saling Almario 1999).

Ang kompleks ng mga ideya na ito ang nagpatibay sa aking paninindigan na totoo nga, hindi lámang dapat pag-aralan ang teleserye bílang isang telebiswal na anyo, isang pormat o genre, pati na rin bílang isang kultural na anyo, nakatindig sa ating lupain at mga realidad. Ito ay drama ng ating búhay, isang pagsasalaysay ng, at hinggil sa ating kasaysayan at araw-araw. Itinuring kong drama ng ating búhay ang mga teleserye sapagkat makikita sa mga kathang daigdig ng mga ito, hindi lámang ang repleksiyon pati na rin ang repraksiyon ng ating mga kuwento at mithiin bílang mga Filipino.

Lalong nagkakabisa, sa tingin ko, ang ganitong pananaw sa paglawak ng pagtukoy ng mga teleserye sa realidad na Filipino at global. Kapag nanonood táyo ng mga ito, hindi bukod at layông mga daigdig ang tagpuan ng mga teleserye kundi ang daigdig mismong ating iniiralan—nása moda man ng realismo o di-realismo. Tigib ito ng mga tunggaliang

pamilyar sa atin, mulang personal at domestiko hanggang politikal at panlipunan. Sangkot din dito ang mga tauhang composite ng ating mga sarili at kapwa na humaharap sa sapalaran at naghahanap ng resolusyon para sa tunggaliang kinasapitan.

Oo, nakabatay ang teleserye sa romanse, o yaong moda ng tanghal o salaysay hinggil sa lahat ng anyo ng pag-ibig, at nakasalig din sa melodrama na naghahandog dito ng "indulgence of strong emotionalism; moral polarization and schematization; extreme states of being, situations, actions; overt villainy, persecution of the good, and final reward of virtue; inflated and extravagant expression; dark plotting, suspense, breathtaking peripety," wika nga ni Peter Brooks (1995, 11–12)—mga katangiang madaling ituring na *asinine, bizarre, foolish, insipid, moronic, and mephitic* ng mga tulad ni Jose dahil sa kaniyang mga paniniwala at poder. Ngunit may higit pa sa nakikita. Kailangan ng pagtitig sa teksto, maging sa tinutukoy na mundo.

May sinasabi, maraming sinasabi sa atin ang teleserye bílang panitikan, tulad ng mga kanonigo at pinahahalagahan. Hindi nga ba ito ang pinakamalaganap na anyong telebiswal ngayon? Bukod pa ito sa likás na kalapitan ng pagtatanghal, pagsasalaysay nito sa ating pang-araw-araw na búhay. Dahil sa lápit nito sa ating búhay, hindi nito maiwasang palukob sa mga kagawian at pamumuhay, sa mga balita at pangyayari sa búhay ng manonood. At hindi lámang ito isang karaniwang salaminan—may tulak ang panonood na limiin ang pinanonood. Nása sa manonood kung ano ang gagawin matapos ang paglilimi. Ito ang kaniyang kontribusyon sa proseso ng kagawiang mapagpakahulugan ng teleserye, matapos nitong tukuyin ang mga bagay-bagay sa lipunan. Hindi lámang basta-basta pagkonsumo ang panonood.

Hindi ko maiwasang maalaala sa pagkakataong ito ang halimbawa ng nagtaguri sa sarili na "pambansang teleserye ng Filipinas," ang *FPJ's Ang Probinsyano* ni Coco Martin, batay sa mga pelikula ng hari ng pelikula at pambansang alagad ng sining. Apat na taon na itong umeyre at inabútan na nga ng shutdown ng network nito. Kuwento ito ng isang pulis na namatayan ng kakambal na pulis din, at humarap at lumaban sa lahat ng uri ng katiwaliang maaaring maisip sa poder at institusyon ng pulisya. Paulit-ulit na naging outlier ang pulis na ito na kilala natin sa tawag na Cardo Dalisay (Martin), alegorikong dalisay ang loob at katauhan sa pagiging arkinemesis ng kabuktutan.

At ngayon, sa inilarawang bersiyong "4.0" nito [para sa ikaapat na taon], outlier siya muli sa pagtatangkang iligtas naman ang sangay ehekutibo ng pamahalaan at ang pangulo ng isang kathang Filipinas na si Oscar Hidalgo (Rowell Santiago), balo sa mga naunang season. Sa pagsulat ng papel na ito, napailalim siya sa buktot na kontrol at pagpapaikot ng kaniyang bagong First Lady, si Lily Ann Cortez (Lorna Tolentino). Sa palabas, matagal nang iniladlad ang kasamaan ni Lily, bílang utusán at baglady ng mga puwersa't sindikatong ibig pagkakitahan ang kriminalidad, mulang droga hanggang terorismo. Sa kaniyang tagumpay na makuha ang tiwala at pag-ibig ng pangulo, nailuklok din sa poder ni "Madame Lily" ang mga halang ang bituka na matagal nang lihim na pinaglilingkuran.

At sila na nga ang mga nakapaligid sa Pangulong Hidalgo, na sa isang episode ng teleserye ay matutuklasang wala sa katinuan dahil sa mga gamot ni ipinaiinom ni Madame Lily. Batid ito ng sambahayan ng palasyo, bagaman wala silang magawa kundi isuplong ang mga napapansing kakatwa sa partido ni Cardo, na sa naunang season ay naging matapat na kasangga ng pangulo. Habang patuloy ang pagtugis ng puwersa ni Madame Lily kina Cardo at kaniyang mga kahanay, patuloy na umaangat ang kakatwang katangian ng First Lady, bukod sa malinaw na kabuktutan at pagiging doble kara—siya ay pinalilitaw na may lahing Chino [litaw ang pagiging singkit], palagian pang nakapula.

May pananaw na tulad ng kay Caroline Hau (2014), na madaling magpapagunita sa sinasabing "Chinese question" at maaari, sa misrepresentasyon na naman ng mga Chino bílang sangkot sa organisadong krimen. Ngunit may konteksto ang palabas at panonood na kailangang isaalang-alang, at mistulang masagisag itong tinutukoy ng teleserye, lalo na sa harap ng banta ng ganap na pagkalugi ng network na inaasahang tuluyang papatay dito sa eyre.

Sa isang kairalang may mga lilong naghahari sa tunay na búhay, at sa loob at labas ng bayang sawi, sino nga ba si Madame Lily kundi personipikasyon ng lahat ng sumisikil at umaapi, ng mga nang-aangkin at naninindak, ng lahat ng ubod-kasamaan na kailangang labánan nang buong lakas o tapang? Sa lubhang samâ, kahit mismo ang aktres na si Tolentino ay nagsasabing "(p)atayin ninyo na ako [bílang Madame Lily] sa 'Probinsyano'" (Sermino 2020). Pakli pa niya, "sa taping nga may mga adlib na rin ako, na 'O, hindi ko talaga asawa si Oscar [Hidalgo], asawa ko si Satanas.' Ako si Mrs. Satanas!" (2020).

Si Madame Lily ay siyang lahat ng kailangan nating tutulan sa kasalukuyan—maliliit at malalaking krimen [I heyt drahgs!], tiwaling pamamahala lalo sa gitna ng isang pandemya, pagkamkam at pananakop ng mga luma at bagong imperyalistang kinakatigan at pinangingilagan, orkestadong paglimot sa kasaysayan at karahasan ng isang malagim na diktadura. Sadyang napakayamang tauhan ni Madame Lily, sabihin pa mang naikahon sa *overt villainy* na binanggit kanina. Kailangan ng matamang pagtitig at pagsiyasat sa kaniyang katauhan bílang puwersang pantanghalan at pansalaysay ng sunurang kuwento ng teleserye.

Hindi maubos-ubos ang mga tulad nina Cardo at Madame Lily sa teleserye at sa ganang akin, kahit sa mga telenovela mulang America Latina, at mga "Koreanovela" mulang South Korea. Namamayani ang tunggalian sa mga ito, ang pag-uumpugan ng magkakontrang puwersa na di maglalaon ay nagsasasintesis hinggil sa kalikasan ng búhay ng tao at mamamayan ng isang konteksto. Naroroon sila sa mga nagsasampalan-nagsasabunutang babae o nagsisindakan-nagsusuntukang lalaki, sa mahirap na lumalaban sa mayaman, sa naghahanap ng katarungan at pinananagot ang lumapastangan sa karapatan, sa nagsusumikap magtagumpay harangan man ng sibat ng kung sinumang tampalasan, sa matapang na umiibig kahit isumpa at pandirihan ng lipunan.

Sa mga tauhan at tunggalian, naroroong umiiral din ang kislap-diwa't pahiwatig hinggil sa tunay na mundong tinutunghan—ang talaban ng mga panig, madalas ng mabuti at masamâ, kahit ng nagtutunggaliang uri at interes sa lipunan, sa bawat pagpapang-ábot ng parehong umiibig, at nagtataya para sa iisang minamahal; ang pag-adhika para sa etikal at moral na pag-iral sa bawat pagpapasya at aksiyon ng mga tauhan; at ang pag-akda ng isang makahulugan at punô ng pagpapakataong búhay sa bawat andar at pihit ng tanghal at salaysay.

Sa lawak ng orisonte ng inaasahan ng mga manonood ng teleserye, hindi ako naniniwalang sa parusa sa masamâ at ligaya sa mabuti lámang dapat ikanal ang lahat, bagaman ito ang madalas at sinasabi ngang ulit-ulit na makikita. Kompleks ang suson ng mga kapalarang ito, na nakatindig, sa tingin ko, sa ideya ng katarungan, o yaong madalas nating tawaging poetic justice. May sinusunod na lohika ang teleserye, gaya ng sa anumang katha, at marahil, sa katapusan, mauugat ng panonood kung bakit humantong sa ganitong kasamaan si Madame Lily.

Hindi na lámang siya magiging isang stereotype o cautionary tale kundi isang dinamikong tauhan na natitiyak kong may malagim ngunit

interesanteng nakaraan. Itatampok ito at ilalatag sa tiyak na panahon ng pagkakalos, at pananagot niya sa hulí, habang marahil, pinalilitaw ang tunay na Pangulong Hidalgo na kaniyang matagal na kinontrol, ikinubli sa madla, at inihanap pa nga ng kamukha upang igiit sa publiko na buháy at malusog ang presidente. Napakapamilyar ng kuwentong ito kung tutuusin: hindi kayâ si Madame Lily rin ang kinatawan ng sinasabing "tunay" na "First Lady" at utak ngayon sa palasyo? Sa kabilâng bandá, muling lalaya si Cardo mula sa pagtugis, at marahil makakapamuhay nang tuluyan sa isang búhay na mayroon siyang kalayaan—bagay na nawa'y ipagkaloob sa kaniya ng mga diyos ng teleserye matapos ng apat na taóng pamamayagpag.

## Panonood bílang Pagbása

Maitatanong matapos ng eksplikasyong ito kung papaanong magagamit ang paraan ng pagtanaw sa teleserye sa kabuoan ng telebisyon. Ang teleserye ay malinaw na katha, at madaling hanápan ng mga elementong aking nabanggit—tunggalian, tauhan, banghay kahit sa sunuran at nagpapatúloy na salaysay, pagganap na mabuting tuklasin sa ibang pagkakataon, kislap-diwa, at pahiwatig na maiuugnay sa konteksto. Kayâ mahalagang balikán ang aking pakahulugan sa panitikan—isa itong kagawiang mapagpakahulugan gámit ang mga pamamaraaang malikhain naglalayong magpahayag, magtalastas. Sa malikhain natin ikinakabit ang katangiang pampanitikan ng telebisyon, at sa kagawian nitong mapanghikayat, naroroong umiiral ang kalikasang magtanghal at magsalaysay. Kayâ masasabi ring angkop ang paraan ng pagtanaw sa teleserye sa maraming tekstong telebiswal.

At ito ay sapagkat teksto nga ang telebisyon at hindi lámang aparatong pambrodkast o institusyong pangnegosyo. Naging posible para sa akin ang pagtanaw sa teleserye bílang panitikan sapagkat hindi ko na lámang itinuturing dito ang panonood bílang pagtanggap lámang sa pinanonood, wala nang iba. Aktibong gawain ito ng pagbabasá at pag-uusisa sa mga signipikasyong inihaharap sa sunurang tanghal at salaysay. Maláy din itong gawain ng pagsusuri sa aliw na lalo pang nakapaghahandog ng lugod sapagkat natutuklasang may ipinahahayag at ibinabantayog na mahahalagang bagay hinggil sa kasalukuyan, maging sa kasaysayan. Matagal nang gamitín ang terminong media literacy para tukuyin ang mga kagawiang tulad nito, at hindi ko itatangging sumasalok pa rin ako sa bukal niyon.

Ngunit sarili kong giit sa pagkakataong ito ang pagtuturing sa telebisyon bílang teksto, at lalo na bílang panitikan, na dapat matutuhang bulatlatin, i-decode ang naka-encode, wika nga ni Stuart Hall (1980), at ibalangkas ang anumang masusuri sa pampanitikang kagawian ng pagtatanghal at pasasalaysay ng telebisyon. At matatagpuan ang ganitong kagawian mismo sa aparatong telebiswal—isa itong kuwadro ng mga larawan, galaw, at tunog, isang balangkas ng pagtanaw at panooran, kahit pa sa flatscreen at smartphone. Hindi na maitatanggi ang pagiging consummate na midyum ng telebisyon, lalo pa't damáng-damá na ang sintesis nito ng radyo at pelikula [hindi ba di iilang teleradyo na ang nása TV at matagal nang bahagi ng pagpapalabas telebiswal ang mga pelikula?]—mga anyong tubog sa tanghal at salaysay.

Hayaan ninyong magbigay ako ng ilang halimbawa gámit ang ganitong pagtanaw sa telebisyon. Una, hinggil sa balita sa telebisyon, sa lahat nitong pormat (newscast, documentary o magazine show, current affairs show): mapag-ulat ito at mapaghubog ng pananaw dahil sa retorika ng paghimok. Ngunit hindi nga ba ang pamamaraan ng pagtatanghal at pagsasalaysay, ibig sabihin ang kabuoang pagbalangkas sa kuwento at tauhan ng balita, ang siyang nagtatakda sa pagkakahimok sa paniwala sa anumang panig ng paninindigan? Nahihimok táyo na mag-isip sa ganito o ganoong paraan batay sa kung papaanong kinalap, binuo, at isinahimpapawid, halimbawa, ang balita ng isang tumimbuwang sa gabi dahil sa giyera kontra droga o ng pagkalimas ng bilyong pondo ng Philippine Health Insurance Corporation.

Matagal nang inuungkat kunwa ang "obhetibidad" sa pagbabalita, kayâ nga pinauso ng mga trolls, sa panahon ng fake news na sinasabing napopondohan pa ng estado, ang taguring "ABIAS-CBN" upang magpaugong kuno ng pamumuna laban sa network na minsang naging kritikal sa palakad ng pamahalaan. Pero kung tutuusin, kahit anong pagiging obheto ng isang network, at paggigiit na *walang kinikilingan, walang pinoproprotektahan, serbisyong totoo lámang,* may sariling istorya ang mga istorya, at magbubunyag at magbubunyag ng sariling rimarim. Kung ahente ka ng estado, puwede mo namang ibalangkas ang tanghal at salaysay pabor sa panig ng iyong amo. Pero bakâ hindi na balita ang tawag doon.

Ikalawang halimbawa ay itong higit na masaklaw na mga pormat ng ibig kong ipailalim sa katawagang variety show—arawan o lingguhang noontime, game, reality, o talk na madalas naglalaman din ng mga timpalak at papremyo para sa mga tao. Mahalaga sa mga

pormat na ito ang tao—ang host/s at audience. Sa pagitan ng host/s at audience ay ang tanging tagapagbuklod, na madalas ay inilalahok bílang telebiswal na ispektakulo—ang pagtatanghal at pagsasalaysay ng mga kuwento. Madalas na tinatapatan ng salapi at premyo ang bawat kuwento, at perpektong halimbawa pa rin, para sa akin, ang mga naging at kasalukuyang palabas ni Willie Revillame, na tagapanguna ng maituturing na ekonomiya ng personal na drama at kumpisal sa telebisyon, sa gitna ng sayáwan ng batalyong dalagang gumigiling at nakamini-skirt.

Natural na interesado ang mga tao sa kapwa-tao, at ginagawa naman táyong direktang audience o voyeur ng mga usapan ng host at guest sa mga format ng kuwentuhan o balitaktakan, na minsan ay nalalahukan pa ng mga cooking o workout portion. Pinagkakakitahan ang ating pagiging likás na tsismoso. Pero lalaging naroroon ang kuwento, ang batuhan ng mga tanong at sagot, ang taas-babâ ng naratibong nagtatanghal sa lalong makaiintriga at magpapasabik sa manonood. At sa pag-igting ng damdamin, unti-unting palilitawin ang drama matapos ng ilang patalastas. May papatak na luha na makadadala sa manonood, húling-húli ng zoom in sa kamera. Napanood nating lahat iyan, mula sa mga sumbong ni Kris Aquino sa showbiz talkshow hinggil sa mga lalaking nagdaan sa búhay niya hanggang sa paglaladlad ng kung sino-sino, matapos ng ginawa ni Rustom Padilla sa *Pinoy Big Brother* at patuloy na ginagawa sa kaniyang Youtube channel.

Ikatlo ang mga kawing-kawing na commercial na bumubuhay sa telebisyon. Hindi na lámang karaniwang patalastas ang mga ito kundi pagtatanghal at pagkukuwentong nakahahiyakat ng pagtangkilik sa mga pamamaraang higit na nakapupukaw ng puso at isip. Dahil nagbago ang panahon, at hindi na lámang kumokonsumo ang tao dala ng pangangailangan, kailangang bigyan ng drama at kuwento ang pangangailangan. Paglikha ito ng karaniwa'y mga lisyang pangangailangan o false needs ngunit nagkakaroon ng rasyonalisasyon dahil sa telebiswal na balangkas na may baklad ng pagtatanghal at pagsasalaysay. Napanood naman natin, halimbawa, ang di iilang mala-teleseryeng commercial ng mga fastfood chain na makabagbag-damdamin at palagiang may kurot sa puso. Gayundin ang masasabi hinggil sa pamumuhunan ng mga brand sa iba't ibang adbokasi na madalas ay pumapaksa sa iba't ibang aspekto ng kagalingang pansarili.

Commercial din ang nagdala ng kasawian sa ABS-CBN, isang politikal na talastas na nagbababala sakaling mahalal na pangulo ang noo'y si Mayor Duterte ng Davao, at pinondohan ng kaniyang pangunahing kritiko, si dáting Senador Antonio Trillanes. Tanghal dito ang ilang documentary footage ng pagkamaaskad at pagmumura ng naging pangulo. At sa political ad, lahad ang mga ito ng kabataang nagtataka o nagtatanong: *Ganito ba ang gusto ninyo?; Mali po ang pumatay!; Tama po bang murahin ang Santo Papa?; Ituro ninyo po sa amin ang tama!; Mali pong mambastos ng babae!; Ito po ba ang gusto ninyong halimbawa para sa amin?* Napakatindi ng naging talab nito at tinotohanan ng pangulo ang pangakong ipasasara ang network. Matagumpay ang tanghal at salaysay ng political ad at ganap nitong napaluhod ang estasyon, sa pagmamakaawa sa kongreso na bigyan ng panibagong 25-taóng prangkisa.

Hindi ko na isinama pa sa talakay ang mga anyong telebiswal na malapít sa pormat ng teleserye tulad ng romance-comedy, situational comedy, drama anthology, mga pelikulang gawa para sa telebisyon, at kahit ang laksang umuusbong na mga serye ngayon sa Youtube at iba pang streaming platform. Litaw sa kanilang pagiging katha ang mga kagawiang pampanitikan na ating sinubukang ipaliwanag gámit ang mga anyong tinutunghan ang tunay na búhay. Isang bagay na ipinakita ng ating talakay ay ang halaga ng drama at naratibo, ng mga kagawiang patanghal at pasalaysay, sa pag-unawa mismo sa mga anyo. Nauunawaan natin, nagiging pamilyar sa atin ang mga pormat batay sa kanilang gámit sa dalawang aspektong ito. Ang dalawang ito ang maituturing na batayang prinsipyo ng tekstuwalisasyon ng mga telebiswal na anyo, at lalong magpapatibay sa ating hakà hinggil sa pagkapanitikan ng telebisyon. Ang mga ito rin ang nagiging salalayan natin upang pumihit mulang panonood tungo sa pagbabasá ng telebisyon.

## Pagdidistansiya tungo sa Paglalapit

Ngunit mayroon pa ring lipunan na kailangang tunghan, sang-ayon sa ating paghalukay sa pag-unawa sa dalumat ng panitikan sa bansa, kayâ kailangang patatagin pang lalo ang argumento sa pagdadawit sa isa pang katangiang pampanitikan, ang pagsasakakatwa o estrangement. Isa itong katangiang maiuugat din sa pagiging wika ng panitikan.

Pangunahing prinsipyo nito na ang wika ng panitikan ay wika ng kakatwa, may balarila at sistema ng pagpapakahulugan, at ang kakatwaang ito ay masasabing hindi lámang nagdadala ng muling pagkamalay sa wika,

kundi pati na rin sa danas na naisilid sa wika. Matagal na nating tinatawag na midyum ang telebisyon, isang tagapamagitan tungo sa diseminasyon ng pahayag. Dahil dito, isa nga rin itong kompleks na tagapamagitan, sangkot sa diseminasyon sa anyo ng broadkast at pangmadlang komunikasyon. Isa itong wikang teknolohisado na kumakasangkapan sa mga kagawiang pampanitikan upang magtalastas. Kayâ, panitikan.

Maparikalang ihapag ang ganitong proposisyon lalo pa't isang pang-araw-araw na kagamitan at kultura ang telebisyon at halos hindi na nga papag-isipan. Ngunit may dalawa táyong mahalagang mapupulot sa pagbaling sa konsepto ng pagsasakakatwa na magsisilbing panibagong gabay tungo sa pagpapahalaga rito, sa balangkas ng argumentong panitikan nga ito. Una na riyan ang ginagawa nitong midyasyon o ang ibig kong tawaging *pamamagitan*, pagtatawid ng mga pagitan.

Matagal nang madalas pagdudahan ang midyasyon sa pangmadlang media dahil sa potensiyal nitong makababansot sa kamalayan. Hindi masisisi ang mga unang nagpanukala nito, ang mga kasapi ng Frankfurt School noong dekada '30, sapagkat nasaksihan nila mismo kung papaanong binaluktot ng mga Nazi at ni Hitler ang ang midya sa paglikha ng kolektibong ngitngit laban sa mga hindi kauri at sa pagpapalakas ng imperyal na pangarap. Nang tinunghan ng ilan sa kanila ang Amerika, nasaksihan naman nila ang walang wawang industriyang pinagkakitahan ang midya. Nakita nila kapwa ang masamâng dulot ng midyasyon sa pagpapanatili ng mga lisyang ideolohiya sa mga nanonood at ang reypikasyon nito, sa kandungan ng kapitalismo. Parehong nakalulusaw ng pagkatao.

Subalit maaari rin naman isulong pa ang isang pananaw na tumitingin sa telebisyon, sa baklad ng panitikan, bílang pagdidistansiya, hindi sa layon na talagang ilayo táyo sa ating mga sarili at danas, kundi lalong ilapit táyo sa mga ito, nang may higit na bago't matalim na pagtanaw. Mangangailangan ito ng pagdidistansiya rin sa ating mga nakamihasnang pagpapalagay hinggil sa telebisyon. Ito ang sinikap nating gawin sa kabuoan ng sanaysay. Sa pambungad, dinistansiyahan at sinikap nating suriin—usigin pa nga—ang pagpapalagay na matapobre sa midyum upang isailalim sa pagbabaklas at pagpapatag sa mga halagahan. Matapos ay binigyang diin natin ang pagkapanitikan ng telebisyon matapos ugatin ang kahulugan ng panitikan sa ating sariling konteksto't pagkakaunawa.

Mula sa mga nasabing muling pagmamapa, sinikap nating ipihit ang panonood bílang pagbása sa pamamagitan ng pagsusuri sa isang teleserye at ilang halimbawang tekstong telebiswal na nakatuon sa tunay na búhay.

Iginiit natin ang presensiya sa mga ito ng kagawian at moda ng pagtatanghal at pagsasalaysay, na nauna nating iniugat sa tradisyong pampanitikan ng bansa. Isang bagay ang ating iginiit sa prosesong ito ng pagpapaliwanag hanggil sa pagkapanitikan ng telebisyon—ang panitikan sa Filipinas ay isang panitikang may konteksto, may daigdig at panahong iniiralan, kung kayâ't nararapat lámang na iugnay ang interpretasyon at pakahulugan sa tinitindigang lipunan. Kayâ may potensiyal din ang telebisyon bílang panitikan na maging midyum ng lipunan, bagaman talagang kailangan itong linangin nang linangin, lalo sa panahong palagian at tunay ang banta sa kalayaan nitong magpahayag at umabot sa madla.

Ang telebisyon bílang panitikan ay tagapamagitan, at hindi lámang minulan ng aliw at impormasyong nakatutulong sa pang-araw-araw na búhay. Balangkas ito ng pagtanaw at pagpapatanaw at sa mabuti't makatwiran ay makakasangkapan sa paglalantad at pagpapamulat. Sa baklad ng panitikan, tanghal at salaysay nito ang istorya at kasaysayan ng ating búhay, na kung maibabalangkas nang mabuti at makatwiran ay masusuri nang husto't kapupulutan ng kislap-diwa at makapagsusulong ng sabi nga ni Rizal ay ikagagaling ng mga sakít at sákit ng bayan. Tagapamagitan nga ito ng mensahero (ang prodyuser o network) at tumatanggap ng mensahe (ang audience) ay nag-uugnay din sa madlang tumatanggap sa isa't isa upang lumikha ng isang komunidad mula sa intimo't solitaryong danas at kagawian ng panonood. Ang pag-uugnay ay pagbibigkis, at pagbibigkis sa láyong sáma-sámang kumilos para sa ikabubuti ng lipunan.

Sa panahong ito ng animo'y unti-unting kamatayan ng free television, na iniisip ding tuluyang papaslang sa industriya, kailangan nating higit na pahalagahan ang telebisyon at ang mga bago nitong anyo at diseminasyon. At isa sa iniisip kong paraan upang tupdin ito ay ang kapaki-pakinabang na pag-aaral dito bílang panitikang talagang may kabuluhan at saysay sa ating búhay, taliwas sa ibig ipapaniwala sa atin ng ilang may sinasabi.

## Mga Akdang Binanggit

Belsey, Catherine. *A Future for Criticism*. West Sussex: Wiley-Blackwell, 2011.

Brooks, Peter. *The Melodramatic Imagination: Balzac, Henry James, Melodrama, and the Mode of Excess*. New Haven: Yale University Press, 1995.

Eagleton, Terry. *Literary Theory*. Malden: Blackwell Publishing, 2008.

Fe, Kaye. "NTC: ABS-CBN Petition vs Shutdown Order 'Improper,' 'Premature.' " *EagleNews.ph.* Huling minodify Mayo 26, 2020. https://www.eaglenews.ph/ntc-abs-cbn-petition-vs-shutdown-order-improperpremature/.

Hall, Stuart, et al., pat. *Culture, Media, Language: Working Papers in Cultural Studies, 1972–79*. London: Routledge at Centre for Contemporary Cultural Studies, University of Birmingham, 1980.

Hau, Caroline. *The Chinese Question: Ethnicity, Nation, and Region in and beyond the Philippines*. Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press, 2014.

Joaquin, Nick. *Culture and History*. Lungsod Mandaluyong: Anvil Publishing, 2004.

Jose, F. Sionil. "ABS-CBN: A Requiem." Facebook. Mayo 8, 2020. https://www.facebook.com/fsionil.jose/posts/1429326043906688.

_____. "The Oligarchy and ABS-CBN: Don't Give Them Your 'Balls.'" Facebook. Mayo 18, 2020. https://www.facebook.com/fsionil.jose/posts/1437274806445145.

_____. "Why are We Shallow?" *Philippine Star.com*. Huling minodify Setyembre 12, 2011. https://www.philstar.com/lifestyle/arts-and-culture/2011/09/12/725822/whywe-are-shallow.

McCoy, Alfred, pat. *Anarchy of Families: State and Family in the Philippines*. Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press, 1994.

Reyes, Soledad. *Pagbasa ng Panitikan at Kulturang Popular, Piling Sanaysay 1976-1996*. Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press, 1997.

Sánchez, Louie Jon. "Pagtatatag ng Tradisyon at Kumbensiyon: Ang Soap Opera sa Radyo, 1922-1963." *Tomas* 3, 1( 2019): 70-127.

_____. "Teleserye at Kontemporanidad." *Katipunan* 5 (2020): 98-124.

Sermino, Dondon. "Patayin Ninyo na Ako sa 'Probinsyano' — Lorna." *Abante.com.ph*. Huling minodify Pebrero 28, 2020. https://archive.abante.com.ph/patayin-ninyo-na-akosa-probinsyano-lorna.htm.

Szeman, Imre, at Timothy Kaposy, pat. *Cultural Theory: An Anthology*. West Sussex: Wiley-Blackwell, 2011.